Sa totoo lang, may maipagmamalaki rin naman si Jules kung ang pagbabatayan ay ang kaniyang pagkalalaki. Guwapo, maganda ang pangangatawan at may katangkaran. Dahllan kaya marami ang nahuhumaling sa kaniya. Nagtataka nga rin siya sa kaniyang sarili kung bakit sa iisang babae lang niya iniukol ang kaniyang damdamin.

Ang isang kinokontra ng kaniyang tiyuhin ay ang isang hindi gaanong kalakihang *hotel* na ipinapatayo sa may sitio Bolabog. Siya ang inaasahan ng kaniyang tiyuhin na mamahala sa mga karpinterong trabahador sa nasabing *construction project*. Dahil may isa pang mas malaking proyekto ang kaniyang tiyuhin sa may sitio Pinaungon.

Marami rin naman ang mga tauhang hinahawakan ni Jules. Halos mga Aklanon na karamihan ay mula sa kanilang bayan ng Ibajay at karatig bayan ng Nabas at ang iba ay mula pa sa probinsiya

ng Romblon at Antique. Kakaunti pa lang naman ang nalalaman niya sa *construction*, kung sa *actual* na ang pag-uusapan. Kahit nakatapos pa siya ng kursong *Civil Engineering* ay inaamin niyang may kakulangan pa talaga siya sa mga nalalaman. Ngunit ipinangako niya sa kaniyang tiyuhin na sisikapin niyang matuto nang husto. Lalo na at halos araw-araw namang dinadalaw ng kaniyang tiyuhin ang kanilang trabaho at itinuturo ang mga kailangang gawin. Isa pa, na ang pinagkakatiwalaang *foreman* ay kaniya na ring kasundo at naging kaibigan.

Sa *site* na rin mismo nakatira ang ibang mga trabahador. Mayroon silang ginawang kubol na yari sa *coco lumber*, pinagdugtong-dugtong na *plywood* at yero sa may likod ng kanilang pinagtatrabahuan. Tuwing hapon umuuwi si Jules sa sitio Din-iwid. Tuwing Sabado ng hapon pagkatapos ng pananghalian ang suwelduhan at uwian ng mga trabahador sa kani-kanilang mga inuuwiyang lugar.

Kung minsan ang iba ay nagkakayayaang mag-inuman, pagkatapos ng trabaho. At pinapayagan naman ng kaniyang tiyuhin, basta walang gulo. Sa ilang linggo na ring nakasama ni Jules ang mga trabahador ay naging maganda na ang kanilang pagsasamahan. Maganda ang respeto sa kaniya ng mga trabahador, dahil sa ipinapakita rin niyang kabaitan sa kanila. Alam niya kung papaano makisama ng husto sa mga mahihirap. Naalala pa niya ang kaniyang mga karanasan na pakikipagbarkada sa mga taga-iskuwater na malapit sa kanilang bahay noon sa Pandacan sa Maynila.

ISANG hapon, araw ng Huwebes, pagkatapos ng trabaho ay nagkayayaan ang ilang mga Ibayhanong trabahador na mag-inuman.

Birthday raw ng kanilang kasamahang piyon. Kaya pala narinig ni Jules kanina na may nagkakantahan ng *happy birthday* habang nagtatrabaho. Pagkatapos ay nagkakatuksuhan at nagtatawanan.

“Engineer, sabi nila kung puwede ka raw makainoman namin mamaya?” tanong ng *foreman* na si Tay Doming kay Jules.

“Bakit, ano bang mayroon?” tanong ni Jules.

“*Birthday* raw ni Andong, Engineer. Yong masipag kong pamangking piyon,” sagot ni Tay Doming na tiyuhin at kababayan ni Andong na Ibayhanon.

Naalala ni Jules ang kanilang tinatawag na si Andong. Ang matipunong lalaki, na hindi naman gaanong matangkad pero guwapo. Bata pa naman ang edad. Akala nga dati ni Jules ay sumama lang ito kay Tay Doming sa Boracay dahil *summer* at wala na ring pasok sa eskuwelahan. Ngunit ayon na rin sa kuwento ni Tay Doming ay nag-aaral naman talaga dati si Andong. Kaya lang tumigil, upang makatulong sa kaniyang mga magulang at mga kapatid.

“Sige, a. Mamaya na lang ako uuwi,” sabi ni Jules. Natuwa naman siya dahil makasasama at makausap naman niya ang kaniyang mga trabahador.

Napangiti si Tay Doming sa sinambit ni Jules. Sa totoo lang, ngayon lang naman talaga niya makasasama ang mga trabahador sa inuman. Dati naman siyang niyayaya ng mga ito, kaya lang ay wala pa sa kaniyang loob na makipag-inuman sa kanila.

Longneck na *hard* ang binili ng mga trabahador. Bumili rin sila ng lamanloob ng baka upang gawing goto at malaking isdang iihawin para pampulutan. Tinanong pa nila si Jules kung umiinom siya ng *hard*. Hindi na siya tumanggi dahil baka bumili pa ang mga

ito ng *beer* na may kamahalan. At alam naman niya na nag-*vale* lang ang mga ito sa kaniyang tiyuhin para mag-ambagan.

Halos nakipag-inuman naman ang lahat sa *site*, nang malamang kasama nila si Jules sa inuman. Masarap sa kaniyang pakiramdam at natuwa siya dahil nakasalamuha niya at nakausap ang kaniyang mga trabahador. Napag-alaman din ni Jules na nagustohan din siya ng mga ito na mamahala sa kanila. Upang mas maging masaya pa ang kanilang pagsasamahan sa inuman, nagpabili pa siya ng dagdag na mga inumin at pulutan.

MULA nang makisama si Jules sa kaniyang mga tauhan sa inuman ay mas lalong naging maganda pa ang kanilang pagsasamahan sa isa't isa. Nagkukulitan na sila at nagtutuksuhan. Lalo na kay Andong na naging malapit na niyang kaibigan. Halos hindi naman kasi magkalayo ang kanilang mga edad. Dalawang taon lang naman ang tanda niya kay Andong. Kung minsan, niyayaya niya si Andong na sumama sa kaniya sa bahay ng kaniyang tiyuhin. At kung abutin ng takipsilim sa paghatid niya kay Andong sa *site* ay napapadaan muna sila sa restawran para kumain ng hapunan.

Napag-alaman ni Jules kay Andong na may diskriminasyon sa kanilang bayan ang mga Tag-ilaya. Tag-ilaya ang tawag sa mga nakatira sa bandang ilaya sa mga kabundukan at kagubatang malayo na sa bayan at kapatagan. Mula pa noon, itinuturing ang mga Tag-ilaya ng mga taga bayan na mga inosente, lalo na sa mga makabagong kagamitan. Karamihan daw kasi sa kanilang mga magulang at ninuno ay mga mangmang. Kulang sa pinag-aralan at ang iba pa nga ay hindi nakapag-aral kahit sa elementarya. Ngunit sa paglipas ng mga taon, nakapag-aral na rin ang ilang mga huling henerasyon sa hayskul at

maging sa kolehiyo. Lalo na at mayroon nang Aklan State University sa bayan ng Ibajay.

“A, Engineer... puwede ka ba naming maimbitahan sa aming lugar?” anyaya ni Andong kay Jules. Isang araw habang kumakain silang dalawa ng hapunan sa restawran.

“Ha?...bakit ano bang mayroon sa inyo?” tanong ni Jules.

“A, may *binayle* kasi sa aming barangay sa Sabado,” sagot ni Andong.

“Bakit may *binayle*?”

“Malapit na kasi ang pista sa aming barangay. Ngayong katapusang Sabado ng Mayo.”

“Malapit na nga, dalawang linggo na lang.”

Naalala ni Jules na nakapangako siya habang nag-iinuman sa nakaraang *birthday* ni Andong, na sasama siya sa kanila sa kapistahan ng kanilang barangay. Ngunit hindi pa naman pista ay niyayaya na siya kaagad ni Andong. Pinag-isipan muna niya nang husto. Hindi naman kasi talaga siya mahilig sa *binayle*. Kahit may *binayle* sa kanilang bayan sa plaza, hindi naman siya halos pumupunta. Kung makapunta man ay hindi siya sumasayaw.

“Kaya nga gusto ka sana namin nila Tonio at Indo na makapunta ka kaagad sa aming lugar bago magpista,” sabi ni Andong. Na ang dalawang tinutukoy ay ang mga kasamahang piyon sa trabaho at pareho rin ni Andong na mga binata pa.

“Sige, a mabuti nga iyon para marunong na ako kapag bumalik sa pista,” sagot ni Jules.

Araw na ng Biyernes, ngunit parang napakatagal sa pakiramdam ni Jules. Martes pa ng gabi siya nang yayain ni Andong. *Excited* siya, dahil gusto naman talaga niyang makarating sa mga

lugar na hindi pa niya napupuntahan. Kumbaga, bagong *adventure*. Nagsasawa na nga rin siya sa siyudad at halos ang isla na rin ng Boracay ay wala nang pinagkaiba sa Maynila na magulo at maingay. Para makita naman niya ang ipinagmamalaking lugar nila Andong. Hindi pa naman kasi siya nakapunta sa mga lugar sa ilaya. Dahil noong panahon ay nakatatakot pumunta sa nasabing mga lugar dahil sa pananatili ng mga rebeldeng NPA.

SABADO ng hapon, pagkasuweldo ng mga trabahador ay umalis na sina Jules kasama ang iba pang mga trabahdor na tumawid patungong Caticlan. Nakatanggap rin siya ng kaniyang suweldo sa loob ng isang linggo. Pero malaki talaga ang ibinaon niyang pera. Kahit papaano ay may naipon na rin siya mula nang makapagtrabaho sa Boracay.

Halos punuan talaga ng mga pasahero ang mga *jeep*. Dahil maraming mga nakasabay sina Jules na nagsisiuwian galing Boracay. Halos mag-iisang oras pa ang kanilang biyahe bago makarating sa bayan ng Ibajay. Dumaan muna si Jules sa kanllang bahay sa bayan, upang magpaalam sa kaniyang ina na sasama siya sa Minaa. Nagulat at nag-aalala naman ang kaniyang ina. Pero sa katuwiran niyang nakikisama lang naman siya sa kaniyang mga tauhan ay pumayag din ito. Nagkahiwa-hiwalay na rin ang mga trabahador pauwi sa kani-kanilang barangay sa Ibajay. Nagpaalala rin sa kaniya ang *foreman* na si Tay Doming na mag-ingat sa kanilang paglalakbay patungo sa Minaa. Sa Brgy. Polo umuwi si Tay Doming at iba pang mga karpintero. Magkasama naman sa isang patutunguhan sina Jules, Andong, Tonio, at Indo.

Dalawang habal-habal na motorsiklo ang inarkila ni Jules. Kasama niyang angkas sa motosiklo si Andong. At sa isang motor ay magkaangkas naman sina Tonio at Indo. Napansin niyang may katagalan ang kanilang biyahe. Halos makitid at lubak-lubak ang kalsada sa gilid ng kabundukan na kanilang dinadaan. Nag-aalala rin siya pero natutuwa sa daang palusong at paakyat na kalsada sa kabundukan. Ngayon lang niya naranasan ang ganitong klaseng biyahe na sakay ng motorsiklo. Nakarating sila sa lugar na himpilan ng mga motorsiklo sa Brgy. Aparicio.

Pagkababa ng motorsiklo, saglit na pamamahinga at inumpisahan na nila ang kanilang paglalakbay. Mula sa Aparicio ay makalimang beses pa silang tumawid sa ilog patungong Minaa. Nanibago siya sa paglalakad at nakaramdam ng pangangalay ng binti. Halos malalaking bato ang kanilang dinadaan sa tabi at gitna ng ilog. Hinihinal siya habang papaakyat at pababa sa bundok. Nakaramdam na rin siya ng pagod pero hindi nagpahalata sa mga kasamahan. Makailang beses din silang namahinga, dahil alam nila Andong na hindi pa siya sanay sa mga ganitong paglalakbay.

Kahit nakaramdam ng pagod ay nagdulot naman kay Jules ng kasiyahan at kapayapaan ang lugar. Hindi siya nagsawang tingalain ang mga nakatunghay sa daang mga malalaki at malalagong mga punong kahoy. Ang malinis na daloy ng tubig sa ilog na ilang beses pa siyang naghilamos sa malamig na tubig. Ramdam ni Jules ang totoong kapayapaan sa gitna ng masukal na gubat. Ang huni ng mga ibon na tila musika sa kaniyang pandinig. At sa patuloy nilang paglalakbay, pinipilit niyang kayanin ang mahabang paglalakad. Nawawala ang kaniyang pagod dahil sa nakabubusog na mga magagandang tanawin sa paligid.

Nakarating sina Jules sa bahay nina Andong na nangangalay ang kaniyang mga paa at binti. Basang-basa ng pawis ang kaniyang suor na damit. Nagsiuwian naman sina Tonio at Indo sa kanilang mga sariling bahay. Ipinakilala siya ni Andong sa mga magulang nitong sina Tay Puloy at Nay Ason. Natuwa naman siya sa magandang pagtanggap sa kaniya ng buong pamilya ni Andong.

Pagkatapos ng pagpapakilala sa isa't isa ay nagbihis muna si Jules at nagpahinga sa isang maliit na kuwarto sa may kusinang pasibi. Maya-maya ay lumabas siya ng bahay at naglakad-lakad habang nakatingala sa nakapalibot na kabundukan. Humanga siya sa mga biyayang likas-yaman ng lugar. Pumasok sa kaniyang isipan na hindi ito ang una at huling pagpunta sa lugar na kaniyang kinatatayuan ngayon. Dahil nagustuhan niya ang likas na ganda at katahimikan ng lugar.

Umupo si Jules sa mahabang bangkong kawayan sa ilalim ng malaking punong akasya. Magkabilaan ang mahabang bangko na may papag na kawayan din sa gitna nito. Halos nakatunghay na ang malalagong mga dahon ng akasya sa bangko. Naramdaman niya ang malamig-lamig na ihip ng hangin. Sumagi sa kaniyang isip ang siyudad ng Maynila. Ngunit pilit niya itong iwinawaksi sa kaniyang isip at hindi dapat maging salot ang anino ng siyudad sa kaniyang kinasadlakan ngayon.

“Engineer, meryenda muna tayo,” sabi ni Andong.

Nagulat si Jules sa boses ni Andong na papalapit habang may dalang nilagang kamoteng kahoy sa mangkok.

“Salamat, ‘Dong,” sabi ni Jules at kumuha ng isa.

“Pasensiya na lang, Engineer, sa naratnan mo rito sa amin ha,” sabi ni Andong.

“Huwag ka ngang humingi ng pasensiya diyan,” sabi ni Jules.”
Wala namang problema sa akin.”

“Nahihiya nga sina Tatay at Nanay sa ‘yo,” sabi ni Andong.
“Maliit lang daw kasi ang aming bahay.”

“Sus, a! Hindi naman bahay ang ipinunta ko rito... ang mahalaga, e ang mga taong nakatira sa bahay,” sagot ni Jules

Maya-maya ay napansin ni Jules ang bagong dating na dalawang babae. Isang dalaga at isang bata. Sa isip niya ay galing sa pamamalengke ang dalawa, dahil may bitbit na mga dalahin. Nang mapansin ni Andong ay agad nitong sinundo ang dalawa at kinuha ang ibang mga dalahin.

Ipinakilala ni Andong kay Jules ang dalawang babae, na mga kapatid. Ang dalaga ay si Marisa na Isay ang palayaw at ang bata ay si Isabel at Sabel ang palayaw. Ayon kay Andong ay tatlo lang silang magkakapatid. Ito ang panganay, pangalawa si Isay, at si Sabel ang bunso. Parang nahihiya pa nga sana si Isay kay Jules, ngunit sa pamimilit ni Andong na magkilalahan silang dalawa ni Jules ay hindi na nakatanggi si Isay.

Habang kumakain sina Jules at Andong ng kamoteng kahoy ay umupo sa harapan niya si Isay. Kaunting kuwentuhan sa isa’t isa bago tuluyang magpaaam si Isay dahil may aasikasuhin pa sa bahay.

Wala na si Isay sa harapan ni Jules, pero nasa isipan pa rin niya ang dalaga. Nagpaalam muna si Andong sa kaniya na tutulong sa pagluluto para sa kanilang pananghalian. Naiwan siyang malalim ang iniisip. Inaamin niyang marami na rin siyang mga babaeng unang nakilala, pero iba ang kaniyang pakiramdam nang makita si Isay.

Naiibang dalaga si Isay kung ikumpara niya sa ibang mga babae. Hindi naman gaanong maputi, pero ang taas at hubog ng katawan nito ay masasabing walang lalaking hindi magkakagusto dito. Lalo na at nababagay ang mahabang buhok nito sa magandang mukha. At may mga matang kung tumitig ay malalim. Inaamin niyang kahit sa una pa lang niyang pagkakilala kay Isay, nakapukaw na ito sa kaniyang natutulog na damdamin.

Nagtutulungan talaga ang buong pamilya nina Andong sa pagluluto ng pananghalian. Masasarap ang kanilang mga inihandang pagkain. Nagkasundo sina Jules at Andong na sa papag na lang sa ilalim ng akasya silang dalawa kakain ng tanghalian.

Tumulong sa paghahain ng pananghalian kina Jules at Andong sina Isay at Nay Ason. Natuwa at nagpasalamat talaga si Jules sa mga inihain sa kanilang pananghalian. Dahil bihira lang niyang matikman ang mga pagkaing inihain sa kanila.

May Bisayang manok na *inubaran* ng saging na *pakoe*, halabos na *patuyaw*, Tinolang gabi na may sahog na *banag* at ginataan ng malapot. May mabangong kaning puti, itim at kaki, na ayon kay Andong ay tinatawag nilang *mitaw*, *tabilaw*, *kabanggi*, o *kamuross*. Pinagpawisan talaga si Jules habang kumakain ng masarap na pananghalian. At habang kumakain sila ni Andong ay patuloy lang ang paghain ni Isay. Kaya kung minsan ay hindi niya maiwasang mapasulyap sa dalaga at magpasalamat.

“Kumain ka lang nang mabuti, Engineer, ha,” sabi ni Andong.
“Marami pa roon,”

“Pambihira naman itong mga inihanda ninyo... ang sasarap talaga,” sabi ni Jules.

“*Binukot* kasing manok ito na Bisaya,” sabi ni Andong, nang makita si Jules na kumakagat ng hita ng manok.

“Malinamnam din pala talaga itong *patuyaw*,” sambit ni Jules.

“*Nagsag-on* kasi si Tatay ng ulang at *patuyaw* kagabi. Dahil pinagsabihan ko na agad si Isay na darating akong kasama kita ngayong Sabado.

“Lalo rin itong ginataang gabi na may sahog na *banag*,” patuloy ni Jules. “Masarap... lalo pa at maanghang.”

Pagkatapos ng pananghalian nina Jules at Andong ay nagdala si Isay ng ilang piling na hinog na saging na latundan at ilang hiwang hinog na papaya. Nabusog nang husto si Jules. Ang kaniyang naramdamang pagod kanina sa kanilang paglalakad, pagtawid sa ilog at pag-akyat sa bundok ay tila napawi sa kinaing pananghalian.

Nabatid ni Jules na may pagkamahiyaing dalaga si Isay. Dahil habang tinititigan niya ito kanina ay napapayuko. Nahihiya pa siguro ito sa kaniya dahil bago pa lang silang nagkakilala. Ngunit kapag nakita na niyang nakangiti ang dalaga, nararamdaman niya ang higit na kasiyahan.

Maya-maya ay humiga muna sa bangko sina Jules at Andong para makapagpahinga. Nakatulog si Jules at nang magising, wala na si Andong sa kabilang bangko. Pagbangon niya ay papalapit na rin si Andong galing sa kanilang bahay. Nagpaalam muna ito sa kaniya na may pupuntahan sa kabilang bundok. Hindi na siya pinayagang sumama ni Andong dahil mas mahirap daw ang daan patungo roon. At bago umalis ay tinawag ni Andong sina Isay at Sabel para may makasama at makausap siya. Ibinilin nito sa dalawang kapatid na huwag siyang iiwan at pagsilbihan kong may kailangan.

Nagpapakiramdaman sina Jules at Isay, habang ang bunso na si Sabel ay nakahiga sa bangko.

“Hay, Sabel... bumangon ka nga d’yan, nakakahiya ka,” sabi ni Isay kay Sabel. “May bisita tayo, uy... si, Engineer,” habang kinukurot sa binti si Sabel.

“Hayaan mo lang s’ya, ‘Say, baka inaantok na si Sabel,” sabi ni Jules. “Wala naman sa akin ‘yon.”

Maganda ang pag-uusap nina Jules at Isay, samantalang si Sabel ay nakatulog sa bangko. Napag-alaman ni Jules na *graduating* na pala sa pagkamaestra si Isay sa susunod na taon. Nag-aaral ito sa Aklan State University sa may Brgy. Colong-Colong, na malapit sa kanilang bayan. Sa panahon kasi ni Jules ay halos wala pang nag-aaral sa eskuwelahang ito, dahil dati ay isa pa lamang itong *technical* at *industrial school*. Pero nang maging isa na itong State University ay nagkaroon na ng ibang mga kurso, kaya marami na rin ang nagsipag-aral dito.

Marami pang nalaman si Jules tungkol sa sarili ni Isay at pamilya nito. Ang lahat naman ng mga nakaraang karanasan niya ay ikinuwento rin niya kay Isay. Pero ang kaniyang mga karanasan sa pag-ibig ay sadyang inilihim niya sa dalaga. Inaamin niya sa kaniyang sarili na tumibok ang kaniyang puso kay Isay, kahit una pa lang nilang pagkikita at pagkikilala. Malaki ang kaniyang pasasalamat, dahil binigyan pa siya ng pagkakataong makakita ng isang babaeng pumukaw muli sa kaniyang damdamin. Ang kagandahan at kabutihang loob ni Isay ang nagpausbong sa kaniya ng bagong pag-ibig.

Kung minsan ay sumasagi sa isipan ni Jules ang kaniyang dating nobya sa Maynila. Pero pinipilit niya itong iwinawaksi sa kaniyang

isipan. Kahit ikumpara niya ang pag-uugali ni Isay sa kaniyang dating nobya ay may pagkakaiba talaga ang dalaga. Masunurin ito sa kaniyang mga magulang at maalalahanin sa kaniyang mga kapatid. Hindi tulad sa kaniyang dating nobya na may pagkasuplada. At kahit sa kaniyang mga magulang ay pasaway na babae. Sa ngayon ay kaharap niya ang babaeng kung saan ay hinahanap-hanap ng halos lahat ng mga kalalakihan na gustong maging nobya o maging asawa.

LUBOG na ang araw nang dumating si Andong, kasama sina Tonio at Indo. May dala silang dalawang galong tuba, kaserola, at bayong. Iyon pala ang nilakad ni Andong kanina. Bumili pala sila ng *tuba* sa tiyuhin nitong *mananggiti* sa kabilang bundok.

Nagkasundo silang mag-inuman, sa may bangko sa lilim ng punong akasya. Sa unang lagok ni Jules ng tuba sa baso ay natikman niya ang pinaghalong asim at tamis ng lasa nito. Napakapa siya sa kaniyang tiyan at tumango-tango. Nakainom na rin siya dati ng tuba sa tuwing magdadala ang pinsan ng kaniyang nanay kapag bisperas noon ng *Ati-Ati* tuwing kapistahan ni Señor Sto. Niño sa kanilang bayan ng Ibajay. Isang baso pa ang tinungga niya at malakas na dumighay.

May inilapag si Tonio na ilang balot sa dahon ng saging sa papag.

“Engineer... mamulutan ka muna,” sambit ni Tonio.

“Suman?” tanong ni Jules?

“Tinumkan ‘yan, Engineer,” sabat ni Indo.

“A, ito pala ang tinatawag na tinumkan,” sabi ni Jules. “Paano ang paggawa nito?”

“Babayohin muna ng halo sa lusong ang mga ulang, hanggang sa madurog. Lalagyan ng niyog na *bangian*, sili, dahon ng *batuan* at babalutin ng dahon ng saging o *hagikhik* at lulutuin,” paliwanag ni Andong.

Binuksan ni Tonio ang isa at tinikman ni Jules.

“Malinamnam na maanghang,” sabi ni Jules.

Napangiti at nagkatinginan sina Andong, Tonio, at Indo.

Nagtaka si Jules at napatitig kay Indo habang may ibinubuhos sa mangkok mula sa maigsing kawayan na tila sunog. Nang maibuhos lahat, naamoy niya ang napakabangong niluto.

“Heto, Engineer... tikman mo muna,” may pagmamayabang na sabi ni Indo.

“Ang bango naman nito. Ano ba ito?” tanong ni Jules.

“*Binakoe* ‘yan, Engineer,” si Andong ang sumagot.

“Nakarinig na rin ako ng ganitong luto,” sagot ni Jules. “Kaya lang hindi pa ako nakatikim nito.

“Tikman mo muna kung kumakain ka n’yan, Engineer,” hambae ni Andong.

“Alangan namang hindi ako makakain nito,” sagot ni Jules. “Sa amoy pa lang kumakalam na ang tiyan ko.

“Dalawang manok nga itong aking *binukot*,” sabi ni Indo. “Para magsawa tayo sa pulutan.”

Kumuha ng isang hiwa si Jules at tumikim. Nalalahan niya ang napakasarap na lutong *binakoe*. At sinundan ng paglagok ng isang basong tuba.

Masaya ang pagsasama nina Jules, Andong, Tonio, at Indo habang nag-iinoman. Hindi na nila namalayan ang pagsapit ng gabi. Laganap na ang dilim sa paligid. Nagsabi ang nanay ni Andong na

pakainin ng muna ng hapunan si Jules, ngunit tumanggi na siya na mag hapunan. Dahil nabusog na siya sa dami ng pulutan.

Nagyaya si Andong kay Jules na gumala mamaya sa plaza pagkatapos nilang mag-inuman. Dahil may gaganaping *binayle* ang barangay. Nagkayayaan silang sumayaw. Hinikayat nila si Jules na bumili ng *basket* na ipinangalan kay Isay. Dahil kandidata ito sa pagkareyna ng barangay. Alam na niya ang tinatawag na *binayle* at ang pagbebenta ng basket. Dati na rin siyang nakasayaw sa *binayle*, kasama ng kaniyang mga kaklase noon sa hayskul. Naisp din niya na kung makabili siya ng *basket* ay isa rin itong paraan na makatulong siya sa Brgy. Minaa, para sa darating na kapistahan ng kanilang barangay.

Marami na rin ang sumasayaw pagdating sa plaza nina Jules, Andong, Tonio, at Indo. Nanatili lang sila sa labas ng plaza habang pinagmamasdan ang mga sumasayaw. Nakita ni Jules si Isay na sumasayaw ng *sweet* at kung minsan ay *modern*. Malalim na rin ang gabi nang umpisahang ibenta ang basket ng isang kandidata. Nang ibinebenta na nga *basket* na ipinangalan kay Marissa ay tinawag kaagad ni Andong ng isang libong piso, pabor sa grupo ni JM. Nag-*request* ang tagabenta ng *basket* na magpakita sa gitna ng plaza ang mga nakabili ng basket ni Isay. Kaya pumasok sa loob ng plaza ang grupo nina Jules at kumuha ng kaparehang dalaga. Ayaw nga sana niyang sumayaw, pero sa pamimilit nina Andong sa kaniya ay napasayaw na rin siya, kapareha si Isay, habang tumutugtog ang *sweet* na musika.

Binigyan ng pagkakataon ang grupo nina Jules na makapagsayaw ng husto. Dahil ang plaza ay para lamang sa kanilang nakabili ng basket. Habang sumasayaw sina Jules at Isay

ng *sweet* ay maraming nakatitingin sa kanila sa labas. Lalo na kung babanggitin ng tagabenta ng basket na ang bumibili ay mula pa sa Boracay na si Engineer JM. Mula sa pinaigsi niyang pangalang Jules Masangcay. Sa isip niya ay napakayabang niya dahil kasayaw niya ang napakagandang dalaga ng Brgy. Minaa. Habang sumasayaw ay patingin-tingin siya sa basket na nakalagay sa bangko na may kasamang isang galong tuba sa gitna ng plaza. Ipinaalam naman kaagad sa kaniya ni Isay na dapat ay sila ang makabili ng pinakamahal na presyo, upang mapasakanila ang *basket*. Dahil hanggang alas-tres lang ang oras na ibinigay ng tagabenta at ititigil na ang pagbebenta ng basket.

Habang patuloy na sumasayaw ang grupo nina Jules ay may ilan ding mga grupo na interesadong makabili ng *basket* sa mas mataas na presyo. Ngunit hindi na binitawan nina Jules ang basket, hanggang umabot na ang presyo sa tatlong libong piso. Binigyan naman sila ng pagkakataon ng tagabenta na makapagsayaw ng matagal-tagal na oras. Alam niya na malaking halaga na rin ang kaniyang nabiling *basket*. Ngunit hindi niya pinanghinayangan ang pera. Dahil sa kasiyahan habang kapareha si Isay sa pagsasayaw. Hanggang sa sumapit ang oras ng alas-tres, na nagpapaalaa na tapos na ang pagbebenta ng *basket*. At sila ang nakabili at nakakuha nito na nakapangalan kay Marissa.

Hindi, muna umuwi sina Jules, dahil gusto niyang hintayin hanggang sa umuwi si Isay. Hindi nila alam na nagkausap na sila ni Isay kanina habang sumasayaw na hihintayin niya ang dalaga hanggang sa pag-uwi.

Katapusan na ang ibinebentang *basket* ngunit ang bumibili ay nasa mababa lang na halaga. Kaya minabuti ni Jules na bilhin na

ito sa mas mataas na halaga, alang-alang na rin sa pagtulong niya sa barangay.

Sa halagang dalawang libo ay nag-*request* ng bagong musika sina Andong. Hindi na sumayaw si Jules, umupo na lang siya sa gilid ni Isay. Pinatugtog ang musika at sumayaw ang sina Andong, Tonio, at Indo ng *pahid*. Ayon sa kuwento ni Isay kay Jules, ito ang sayaw na paboritong isayaw at nakasanayan ng mga Tag-Ilaya. Lalo na sa Brgy. Yawan na karatig ng Brgy, Minaa, ang pinakadulo at pinakamalayong barangay ng Ibajay.

Nagtatawanan sina Jules at Isay habang pinapanood sina Andong, Tonio, at Indo, kapareha ang tatlong dalaga sa gitna ng plaza. Isang sayaw na mabilis ang bawat galaw na hawig din sa sayaw na balse. Na kaya tinawag na pahid, dahil tila may ipinapahid ang mga paa ng sumasayaw. Magkahawak ang isang kamay ng magkapareha at ang isang kamay ng lalaki ay nakahawak sa baywang ng babae at sa balikat naman ng lalaki nakahawak ang isang kamay ng babae. Ito ang itinuturing nilang *folk dance* mula noon sa kanilang lugar.

Dalawang basket ang nabili nina Jules bago sila umuwi, na halos hatinggabi na rin ang gabi. Bago sila umuwi, nagpasalamat talaga sa kaniya ng husto ang mga namahala ng *binayle* na pinangungunahan ng kapitan ng barangay.

Maganda ang gabi ni Jules at hindi niya maipaliwanag ang kakaibang nararamdaman. Hindi niya akalain na may mga tao pa palang makapagbibigay sa kaniya ng kaligayahan. Wala na siyang naalalang ibang bagay, kundi mga tao, pagkain at ang lugar na kaniyang kinasasadlakan sa ngayon.

TINANGHALI ng gising si Jules kinabukasan. Napansin niyang wala na sa higaan si Andong na katabi niya sa kama sa pagtulog kagabi. Naramdaman niya ang pananakit ng kaniyang ulo. Bumangon siya at naghilamos ng tubig mula sa banga sa banggerahan. Nakaramdam siya ng ginhawa na dulot ng malamig na tubig. Lumabas siya at umupo sa bangko sa lilim ng akasya. Hindi niya nakita si Andong sa loob at maging sa labas ng kanilang bahay. Tiningala niya ang langit na halos mataas na ang sikat ng araw, na nagbabadya ng magandang panahon.

Naalala ni Jules ang pag-iinuman nila kahapon ng dapithapon. May mga nagkalat pang mga tira-tirang kinain nilang pulutan sa papag. Parang nalasing din siya sa ininom nilang tuba kagabi. Pumasok sa kaniyang isip ang pagsasayaw nila ni Isay kagabi nang bumili sila ng *basket*. Ang pag-uwi na kasama si Isay habang naglalakad sa madilim na daan. Nakaramdam siya ng hiya nang maalalang tila nakapagsabi yata siya kay Isay na nagkakagusto siya rito. Parang nakalimutan na rin niya ang iba pang mga nangyari sa kanila kagabi.

“Magandang umaga, Jules...mag-almusal ka muna,” sabi ni Isay. Habang may dalang kape sa tasa at mga nilagang hinog na saging sa mangkok.

Nagulat siya dahil hindi namalayang may inilapag na pala sa papag si Isay na almusal.

“A, salamat, ‘Say,” sabi ni Jules.

“Umalis pala sina Tatay at Manong Andong,” sabi ni Isay. “Kaninang madaling-araw pa.”

Umupo si Isay sa kabilang bangko.

“Bakit?” tanong ni Jules.

“Nagsag-on kasi kagabi si Tatay at nagpanagon sa ilog at sapa,” sagot ni Isay.

Tumango-tango si Jules.

Habang nag-aalmusal si Jules ng nilagang saging ay masaya ang kanilang pag-uusap ni Isay. Sinabayan naman siya sa pag-aalmusal ni Isay. Pagkatapos ng almusal ay patuloy pa rin sila sa pagkukuwentuhang dalawa. Napansin niya na may mga buko ng niyog sa ilalim ng papag na ayon kay Isay ay inakyat ng tatay nito kaninang umaga bago umalis. Biniyak niya ang isa at uminom at kumain ng buko. Pagkainom niya ng sabaw ay tila nakapagbigay ng ginhawa sa kaniyang nararamdamang pananakit ng ulo. Napag-alaman niyang maganda pala ang sabaw ng buko kapag may iniindang *hangover*.

Maya-maya ay dumating sina Andong at Tay Puloy. May dalang *bangkat* si Tay Puloy na halos puno ng ulang. Si Andong naman ay may bibit na dalawang tinuhog na malalaki at mahahabang palos.

Pinagpawisan talaga ng husto si Jules habang kumakain ng pananghalian. Natikman niya ang palos na maanghang na niluto sa malapot na gata. At ang ulang na sinahogan ng papaya at puso ng saging at ginataan. Nabusog siya sa napakasarap na inihaing pananghalian. Naisip niya na sana, hindi lang ito ang huling pagkain niya ng masasarap na pananghalian sa nasabing lugar.

NAGPAALAM at nagpasalamat talaga ng husto si Jules sa mga magulang nina Isay at Andong. Nagkasundo kasi sila kagabi ni Andong na pagkatapos ng pananghalian sila babalik sa Boracay. Upang makatulog pa sila nang isang gabi oon at makapagtrabaho kinabukasan ng Lunes. Nakapagligpit na rin siya ng kaniyang mga gamit sa *backpack* na kaniyang dadalhin.

Nahikayat si Jules kagabi sa sinabi nina Andong at Isay na balsa ang kanilang sasakyan papunta sa Brgy. Colong-Colong. Isa itong paraan ng transportasyon na mula pa noong unang panahon ay ginagamit ng mga Tag-ilaya. At hanggang ngayon ay patuloy na ginagamit ng ilang mga taong taga Ilaya, bilang kargahan ng mga ibenibentang mga produktong mula sa Ilaya patungo sa Ilawod. Na kung saan ang malawak at mahabang ilog ng Ibajay ang dinadaan. Gusto rin naman niyang maranasan kung papaano ang makasakay sa balsa na may katagalan ang biyahe. Nakikita naman niya parati ang balsa sa gilid ng ilog ng Colong-Colong kapag napapadaan siya sa mahabang tulay ng Ibajay patungong Kalibo. Ngunit hindi pa talaga siya nakasakay kahit isang beses sa balsa.

Ang isa pang nagustuhan ni Jules ay makasasama niya si Isay sa pagsakay sa balsa. Ipinabatid na kaagad kagabi sa kaniya ni Isay na pupunta rin ito ng bayan kinabukasan. Dahil may aasikasuhin sa kanilang eskuwelahan para sa darating na pagbubukas ng klase. Bale sa tiyahin sa Brgy. Polo umuwi si Isay at nakatira kung may pasok na ito sa eskuwelahan. Isang barangay na malapit sa bayan at sa eskuwelahan ng ASU.

Tatlo sila nina Andong at Isay na nakasakay sa isang balsa. Si Andong ang tagatukod na nakapuwesto sa may hulihan. Nakapuwesto naman sa may unahan si Jules na nagpresentang tumulong kay Andong sa pagtukod ng balsa. Nakaupo lamang si Isay sa isang sako na may lamang mga kamoteng kahoy at saging sa gitna ng balsa. Sa isang balsa sa unahan nila nakasakay sina Tonio at Indo na nagpapalitan sa pagtukod. Pinagtatawanan nga siya ni Isay sa pagtukod dahil hindi pa ito sanay. Lalo na kapag sa maagos na tubig ay bigla siyang napapaupo at napapahawak sa balsa. Mabuti

kung malinaw ang tubig ay medyo magaan ang kaniyang pagtukod sa balsa.

Kahit matindi ang sikat ng araw, hindi naman gaanong mainit, dahil sa ihip ng malamig na hangin. Hindi talaga nagsasawa si Jules na tumingin ng mga magagandang tanawin sa kada lugar na dinadaan ng balsa. Makikita sa gilid ng ilog ang mga iba't ibang malalaking punongkahoy at malalaking tipak ng mga bato. Tanaw rin ang matatarik na kabundukan at kagubatan sa paligid. At sa patuloy nilang pagpapatianod sa ilog, hindi siya nagsasawa na pagmasdan ang mga pananim sa tabing ilog, gaya ng mga sagingan, niyogan, kakahoyan, maisan, at iba't ibang mga gulay sa sa bakood at tumana.

Sumagi sa isipan ni Jules ang lungsod ng Maynila, na minsan din niyang naging tirahan. Na kung saan ang tabing-ilog ay kinatitirikan ng mga pabrika, iba't ibang mga gusali at mga kabit-kabit na mga barongbarong ng mga *squatter*. Ang malinis at malinaw na tubig sa ilog ng Ibajay ay hindi niya maipagpapalit sa napakarumi at napakabahong ilog ng Pasig sa Metro Manila.

Ayon kay Andong ay may katagalan pa ang kanilang biyahe bago makarating sa Brgy. Colong-Colong na daungan ng mga balsa. Doon dumadaong ang halos lahat ng mga balsa at may mga mamimili naman kaagad na mga negosyante. Kung minsan nga raw ay hindi na makararating sa daungan dahil may namimili rin daw sa dinadaanang mga barangay.

Karamihan daw kasi ayon kay Andong ay araw ng Lunes umaalis ang mga Tag-ilaya kung magbabalsa. Dahil araw ng Martes ang *market day* sa bayan ng Ibajay. Upang kinaumagahan ay makapagtinda sila ng mga produktong ikinarga nila sa balsa. Tulad ng mga kamoteng kahoy, kamote, saging, *kantones*, gabi, langka,

papaya, niyog, at iba-iba pang mga prutas, gulay at mga pagkain mula sa Ilaya.

Bilib talaga si Jules sa galing ni Andong kung sa pagtukod ng balsa ang pag-uusapan. na magaling talagang tagatukod si Andong. Dahil sa bawat may madaanan silang malalakas na agos, mga nakahambalang na tumbang puno ng kahoy at mga malalaking bato ay madali lang nitong igiya kung saan padadaanin ng suwabe ang balsa. Sa pakiramdam niya ay para siyang idinuduyan lalo na kung mabilis ang takbo ng balsa. Kung minsan ay napapasulyap siya kay Isay na tahimik na nakaupo sa gitna ng balsa na nakapayong.

“Engineer, magpahinga ka na,” sigaw ni Andong kay Jules. “Ako na lang mag-isa ang tutukod... malinaw na rin naman ang tubig.”

“Ha? A, sige, salamat, ‘Dong,” sabi ni Jules.

Inilapag niya sa balsa ang tukod at unti-unting lumapit kay Isay at umupo sa tabi nito.

“Matagal pa ba ang biyahe natin, ‘Say?” tanong ni Jules.

“Mga ilang barangay na lang ang ating madadaan, bago tayo makarating sa Colong-Colong,” sagot ni Isay at napangiti.

Ang mga ngiti ni Isay ay nakapagbigay ginhawa kay Jules sa kaniyang nadaramang pagod, gutom ng sikmura, at init. Dahil tumatalab na sa balat ang sikat ng araw. Mabuti na lang at nakasuot siya ng sumbrero. Kinuha niya ang isang T-shirt sa *backpack* at nagpunas ng pawis.

“Meryenda ka muna, Jules,” sabi ni Isay habang inaabot sa kaniya ni Isay ang puto ng kamoteng kahoy.

“Salamat, ‘Say...may baon ka pala talaga,” sabi ni Jules at inabot ang ibinibigay ni Isay.

Naalala ni Jules ang kaniyang dating nobya sa Maynila na nakapangasawa ng *seaman*. Sa panahon ngayon, kahit gaano pa kalaking barko ang sinasakyan ng asawa ng kaniyang dating nobya ay hindi niya maipagpapalit ang maliit na balsang kawayan na sinasakyan niya ngayon. Lalo na at kasama niyang nakasakay ang kaniyang pinakamamahal na si Isay. Na naghahandog sa kaniya ng bagong pag-ibig at tunay na kaligayahan at kapayapaan sa kaniyang buhay.

“Jules, magpayong ka naman muna,” sabi ni Isay, nang mapansin siyang pinagpapawisan.

“Hay, salamat... ako na lang ang hahawak nito,” sabi ni Jules, habang kinukuha ang payong kay Isay.

“Salamat, Jules,” sabi ni Isay at ngumiti.

“Abaw! Parang hari at reyna pala tayong dalawa nito, a,” malakas na sambit ni Jules.

“Ikaw talaga, ha, puro ka kalokohan,” sabi ni Isay at tumawa habang kinukurot si Jules sa tagiliran.

Naramdaman ni Jules ang sakit na kurot ni Isay. Ginagap niya ang kamay ni Isay at hinawakan nang mahigpit. Tinitigan niya nang malalim ang dalaga habang nakatawa. Tumawa rin siya na may malaking pag-asa sa kaniyang isipan. Na sana balang-araw, makasasama na niya ang totoong reyna ng kaniyang buhay.

TALASALITAAN

1. Banag - Isang uri ng shell sa ilog.
2. Bangian - Bunga ng niyog na medyo mas matanda sa buko.
3. Bangkat - Isang uri ng lalagyan ng mga nahuling isda, ulang, talangka, at iba pa sa ilog o sapa. Gawa mula sa kawayan.
4. Basket - Nakabalot na pritong buong manok na inilalagay sa gitna ng plaza. Ito ang ibinebenta na pataasan ng presyo ang mga bibili, habang sumasayaw sa gitna ng plaza. At kung sino ang may pinakamataas na presyo, ito ang makakakuha ng basket.
5. Batuan - Isang uri ng punong kahoy na ang bunga at dahon ay maasim. ang bunga nito ay pampaasim sa inigns na luto.
6. Binakoe - Isang uri ng pagluluto ng native na manok. Ipinapasok ang karne ng manok sa loob ng pinutol na buho o kawayan. Tinatakipan ng dahon ng tanglad at patayong idadarang sa apoy.
7. Binayle - Isang sayawan sa plaza ng barangay para sa mga binata at dalaga. Lalo na kapag nalalapit ang kapistahan ng barangay.
8. Binukot - Pagkukulong ng native na manok ng ilang araw. Ito ay paraan para mawala ang lansa ng manok.
9. Hagikhik - Uri ng dahon na ipinambabalot sa tinumkan.

10. Inubarang manok - Isang local cuisine na kalimitang inihahanda sa mga okasyon. Native na manok na sinasahogan ng ubod ng saging at gagataan.
11. Mananggiti - Tawag sa taong tagakuha ng tuba sa itaas ng niyog.
12. Mitaw, kabanggi, kamuros, at tabilaw - Mga uri o klase ng bigas na itinatanim sa mga kaingin sa kabundukan.
13. Pahid - Isang katutubong sayaw o isang sayaw na folk dance ng mga Tag-Ilaya.
14. Pakoe - Isang uri ng saging na ang ubod nito ay akma na pansahog sa native na manok.
15. Panagon - Isang paraan ng pangingsida sa ilog o sapa. Gamit ang patpat ng kawayan na may pamingwit.
16. Patuyaw - Isang uri ng malalaking ulang na nakatira sa mga batuhang bahagi ng ilog.
17. Sag-on - Isang paraan ng pangingsida sa ilog na gamit ang trap na gawa mula sa kawayan.
18. Tag-Ilaya - Tawag sa mga taong nakatira sa kabundukan na malayo sa bayan o sa kabihasanan.
19. Tinumkan - Isang uri ng pagkain na parang suman ang pagkakabalot.. Mga dinikdik na ulang na nakabalot sa dahon ng saging o hagikhik.
20. Tuba - Isang uri ng inuming nakalalasing na nakukuha mula sa bulaklak ng niyog.